# Mga Dalit sa Aurorahan: Sosyo-kultural na Lente ng Etnisidad ng mga Talisayon

*Emma Basco*
*Emma.basco@dlsu.edu.ph*

**Abstract:**

Ginamit sa pag-aaral na ito ang mga dalit sa taunang Aurorahan ng Talisay, Camarines Norte sa Rehiyong Bicol bilang tuntungan sa pagkilala ng etnisidad ng mga Talisayon. Sa pamamagitan ng ilang teorya, sinuri ang mga dalit upang matukoy ang mga pagpapahalagang sosyo-kultural na magdudulot nang higit na pagtatangi sa kanilang identidad. Naglalayon ang pag-aaral na tukuyin sa mga dalit ang mga pagpapahalagang may kaugnayan sa kasalukuyang pamumuhay, gawi, kaisipan at ugali ng mga Talisayon. Hangad din sa pag-aaral na makilala ang bisang pandamdamin, kaisipan at pangkaasalan ng dalit na makatutulong sa paghubog ng wastong saloobin at bagong kamalayan.

Ang pag-aaral na ito ay isang pagtatangka sa etnolohiya (Pangkalinangang Antropolohiya). Sinikap ng mananaliksik na makagawa ng payak na pag-aaral tungkol sa lokal na kultura ng mga Talisayon gamit ang mga dalit at Aurorahan o pintakasi bilang lente sa pagsusuri. Ginamit ang participant observation bilang metodo sa pagkuha ng mga datos pagkat kakaunti pa lamang ang nasusulat dokumento ukol sa piniling paksa ng lokal na pag-aaral at naniniwala ang mananaliksik na angkop ang nasabing metodo pagkat sa pag-aaral na ito makabubuting magmula ang pananaw sa isang lokal. Hangad ng pag-aaral na ito na makalikom ng mga datos tungkol sa kontemporaryong sitwasyon ng kultura ng mga Talisayon at bayan ng Talisay na makatutulong sa pag-unawa ng kasalukuyang kulturang pinag-aaralan at masuri kung paano ito lumitaw.

Makakatulong ang resulta ng pananaliksik na ito sa produksyon ng payak na kaalaman tungkol sa gawi, tradisyon, relihiyon at kulturang Talisayon at Bicolnon simula pa noong dumating ang mga dayuhan sa ating lupain. Magsilbing midyum ang mga kaalamang mapupulot sa paghubog ng wastong saloobin at pagbuo ng bagong kamalayan at pagpapahalagang Bicolnon. Sa pamamagitan ng binanggat na mga katangian ng mga Bicolano nakakalikha tayo ng pangkalahatang larawan at imahe na makapagbibigay-depinisyon sa pagkataong Bicolnon na makatulong sa pagtutuwid ng mga maling kaalaman at karunungang nababasa at itinatanim sa ating isipan mula sa mga banyagang oryentasyon o makakanlurang kaisipan. Ipinakikita sa pag-aaral na ito kung gaano kalaki at kasalimuot pa rin ang pakikibaka o pakikipagtunggali ng bawat Talisayon at Bicolano sa mga tatak na inilatag sa iba't ibang larangan.

**Key words:**
1. Aurorahan -
2. Dalit
3. Cantora/paradasal
4. Cabo/May kabig
5. Parapa'san

## Aurorahan: Pamimintakasi ng mga Talisayon

Ang Camarines Norte ay isa sa mga lalawigan ng Rehiyong Bicol. Pagsasaka ang pangunahing hanapbuhay ng mga tagalalawigan subalit marami rin ang abala sa pangnigisda, paghahabi ng pinya at pagmimina ng ginto at iba pang yamang-mineral. Bagamat urbanisado na ang lalawigan, nanatiling mapagmahal sa kultura ang mga taga-Camarines Norte. Ilan sa mga mahahalagang sosyo-kultural na pangyayaring patuloy na ipinagdiriwang ay ang Vivahan, Pastores, Tatlong Harian, Flores de Mayo, Santakrusan, Pagpapapako sa Krus, Pinetensya, Salubong, Aurorahan, Penafrancia sa Salcedo, Kapistahan ng Poong Nazareno sa Capalonga, Pinyasan, Pabirik Festival at marami pang iba.

Relihiyoso ang mga taga-Camarines Norte, patunay ang mga nabanggit na mga pagdiriwang. May sari-sariling paraan ng pamimintakasi sa kanilang patron ang labindalawang bayan ng lalawigan. Sa bayan ng Daet na siyang kapital ng lalawigan, ginaganap nila ang makulay na parada ng Queen Formosa bilang pasasalamat kay San Juan Bautista sa kanilang masaganang ani ng

napakatamis na pinya o Queen Formosa. Ipinagdiriwang naman ang Mercedes ang Kadagatan Festival bilang pasasalamat ng mga mangigisda sa kanilang masaganang ani ng yamang-dagat. Samantalang ang ilang barangay sa bayan ng Panganiban, Paracale, at Talisay ay nagsasagawa ng Aurorahan bilang pamimintakasi sa kanilang patron na si San Isidro Labrador. Tanging ang San Isidro, Talisay na lamang ang nagsasagawa ng Aurorahan, ang pamimintakasi kina San Isidro Labrador (Patron ng mga Manggawa) at San Roque (Patron ng mga Maysakit). Tinawag itong Aurorahan sapagkat nagsimula ito sa pagdaraos tuwing madaling-araw o bukang-liwayway (aurora sa kastila) subalit sa kasalukuya'y ginaganap ito tuwing ikaanim ng gabi.

Ginaganap ito sa buong buwan ng Agosto nang may tatlong pasiyam. Nagsisimula ang unang pasiyam sa Agosto 1-9; 11-19 naman ang ikalawa at 21-29 ang huling pasiyam. Naghahanda ng masaganang hapunan o miryenda ang may *kabig* (sponsor) gabi-gabi ng buong pasiyam at sa huling araw ng buwan nagkakaroon ng malaking handaan ang *Cabo Mayor* (pinaka-sponsor) na dinadaluhan ng lahat ng *may kabig*, mga *cantoras* at *parapa'san.* Binubuhat ng apat na *parapa'san,* tagabuhat, ang karosa ng imahen ng mga santo (San Isidro Labrador at San Roque), inililibot sa buong barangay habang inaawit ng mga *cantoras* (paradasal) ang mga dalit kina San Isidro Labrador at San Roque. Sagutan ang pag-awit sa mga dalit. Kabilang sa mga inaawit ang dalit kay Santa Maria (ang *Salve at Perdon)*, pananalangin para sa paghingi ng tawad at awa. Ganoon din ang kaligtasan sa anumang masamang pangyayari tulad ng peste, sakuna, kalamidad at karamdaman.

Matagumpay na idinaraos ang Aurorahan sapagkat marami pa rin ang mga *nanunuga* o namamanata. Buong-pusong inaako at tintupad ito ng mga namamanata (Cabo Mayor o may kabig, cantoras at parapa'san) sapagkat naniniwala silang ipagkakaloob ng kanilang mga patron ang mga kahilingan. Tulad halimbawa ng paghingi ng ulan pagkat nangangailangan sila ng masaganang patubig para sa pagsisimula ng pagtatanim ng palay sa kani-kanilang bukirin. Kasabay ng paghiling ng awa na iligtas ang mga pananim sa baha, bagyo at peste.

## Ugat ng Aurorahan

Sinasabi ng ilang mananalaysay at manunulat na relihiyoso ang Bikolano. Ayon sa kanila, malalim ang ugat ng pagiging relihiyoso ng mga Bicolano, nagmula pa ito sa kanilang mga ninuno. Labis na nanalig ang mga katutubong Bicolanao sa ating Dakilang Lumikha (supreme being). Sinasamba nila ang kanilang diyos at diyosa bilang pagkilala sa kanilang kadakilaan, patunay nito ay ang natagpuan sa mga kweba na napakaraming monumento ng mga kanilang anito. Naglalarawan ang matatayog na monumento ng kanilang labis at lubos na pagkilala at pagpapahalaga gayundin ng marubdob na pagsamba. Sumasamba sila kay *Gugurang*, ang kanilang pinakamakapangyarihang Diyos na pinaniniwalaang nasa *kamurawayan* o kalangitan. Tanggulan nila si Gugurang sa panahon ng mga kalamidad, pagsubok sa buhay at sa anumang kasamaan. Tagapagtanggol rin siya ng mga katutubo laban sa Aswang, isang masamang ispiritung nasa *Gagamban* o dagat-dagatang apoy.

Naniniwala ang mga katutubong Bicolano na sila'y inaalagaan at pinapatnubayan ng mga anito. Lahat ng biyayang kanilang tinatamasa ay nanggagaling sa kanilang mga diyos at diyosa at labis nila itong pinapasalamatan. Nanalig rin sila kay *Batala*, alagad ng diyos na ang misyon ay panatilihing payapa ang lugar na kanyang nasasakupan at tiyaking matiwasay na namumuhay ang bawat tao. Nanalig din sila sa iba pang espiritu tulad ni *Katambay,* tagabantay ng bawat tao; *Okot*, diyos ng kagubatan na tumutulong sa mga mangangaso. Sinasabing sa pamamagitan ng pagsisipol, itinuturo niya ang mga hayop na maaaring hulihin. Naniniwala rin ang mga katutubong Bicolano kay *Magindang*, diyos sa pangingisda na tumutulong sa mga mangingisda sa pamamagitan ng paggamit ng tunog at senyas (Realubit, 1983).

May mga espeyal na ritwal na isinasagawa ang mga katutubong Bicolano sa bawat diyos na kanilang sinasamba. Isa sa mga ritwal ay ang *Atang* o pag-aalay, isang sayaw ng pag-aalay sa kanilang bathalang si *Gugurang*. Nag-aatang sila ng kanilang pinakamagandang ani bilang pasasalamat sa mga biyayang ipinagkaloob sa kanila. Ginagawa rin ito bilang paghiling ng awa at tulong sa kanilang bathala, halimbawa ay

paghiling ng ulan o init upang sila'y makapagtanim. Ginaganap ito sa kanilang *gulang-gulangan*, kubo na yari sa niyog at nipa. Nag-aalay sila ng kanilang pinakamagandang ani na tinatawag na *himoloan* at inilalagay ito sa mesa na tinatawag namang *salangat*. Ginagawa ang ritwal sa pamamagitan ng pagsasayaw at pag-awit. Sumasayaw ng *tarok* (quick marching steps) ang hinirang nilang pinakapari na si *Asog*, bilang pagsamba kay Gugurang, di kaya'y ng kanilang *baliana* bilang paggalang sa diyosa ng buwan. Sumasayaw habang kinakanta ang dasal na tinatawag na *soraque* ng kanilang baliana at mga mga kababaihan. Lumilibot sila sa buong komunidad at nanawagan sa lahat na sumali. Pagkat ang Atang ay gawain ng buong komunidad kinakailangang lumahok ang lahat ng mamamayan. Bawat isa ay kasali sa pag-aalay. Kalahok sila sa pagsayaw ng *tarok* at pagkanta ng *soraque*. Makikita sa *Atang* ang kakaibang paraan ng pagsasagawa ng kanilang ritwal. Una, ang pagpapatunog ng gong o patong upang tawagin ang mga kasama sa pag-aalay; pangalawa, ang pagmartsa ng baliana (kasunod ang kalalakihan sa tribu) patungo sa gulang-gulangan; pangatlo ay ang pag-awit ng soraque, ang dalit sa Atang, ng baliana at ng mga kababaihan; pang-apat ay ang pagsalu-salo sa inihandang mga pagkain; at ang pamlima ay ang mabilis at masiglang pagsayaw kasabay ang malakas na pagkanta at panambitan. Pagkaraan ng ginawang ritwal, tatapak sa altar ang lahat ng myembro ng tribu. Dahil sa mabilis na pagsayaw at malakas na pagkanta kasabay ng kanilang panambitan, pagal na pagal ang buong tribu (Realubit, 1976).

Ayon pa rin sa ibang pag-aaral, makikita sa mga katutubong dulaan ang paglalarawan sa tunay na mga ritwal at gawi ng mga sinaunang Bikolano. Tulad ng *Atang,* na bukod sa ito'y pag-aalay, ritwal din ito sa paghingi ng proteksyon at pag-adya sa mga masasamang espiritu, Ginagawa rin ng mga magsasaka ang *pakikimaherak,* kung sila'y humihingi ng awa sa kanilang anito upang iligtas sa peste ang kanilang mga pananamin. Sa pamamagitan din ng bulong nakikiusap sila sa mga peste o salot na huwag pakialaman ang mga tanim na palay.

Sa pag-aaral ni Reyes ng Tinagba Festival, pintakasi sa Iriga City, sinasabing nagmula ito sa sinaunang *Atang* o pasasalamat kay *Gugurang*. Pinamumunuan ito ng isang *effeminate* (lalaki na nagbibihis/nag-aayos at naboboses-babae) na pari na tinatawag na *Asog* na katuwang ang isang babae at tinatawag na *baliana.* Nagtatapos ang Atang sa isang masaganang kainan at masayang inuman, sayawan, sigawan, at away. Ayon sa pagsasalaysay ni Padre Jose Castaño, katulad raw ng bacchanalia ng mga Greeks ang Atang ng mga Bicolano. Isang sinaunang ritwal ang bachanallia, isang pagkilala sa kanilang diyos na si Bacchus, ang diyos ng alak. Ginanap ang kanilang pasasalamat sa pamamagitan ng magarbong handaan at labis na inuman, pagsasaya, pagtatalik upang ganap nilang madama ang kaligahan at kasiyahan. Sa kabila ng pagsasaya, nasasakatuparan ng ilang masasamang-loob ang kanilang pahihiganti, pinapatay nila ang kanilang kapwa at madaling naitatago ang krimen sa likod hiyawan at ng ingay ng tambol at cymbals.

May katulad ding ritwal ang mga kapatid nating mga Muslim, tinatawag nila itong *magtabang* o *d'setatabang.* Ang pintakasi naman ng mga Manobo ay tinatawag na *tanggawa-lawa,* ginanap naman ito ng mga magsasakang Manobo tuwing anihan ng mais, pagdaraos ng kasalan at pagtatayo ng bahay. Ginagawa nila ito bilang *pagtinabangay,* pagtutulungan ng bawat isa sa buong komunidad, *maayong relasyon,* mabuting ugnayan, *kaayohan sa tanan,* para sa kapakinabangan ng lahat, at *katilingbanong panginahanglan,* pagtugon sa pangangailangan ng kapwa Manobo. Dagdag pa rito ay ang tinatawag na *Kaamulan,* salitang Binukid na ang ibig sabihin ay pagtitipon. Na ipinagdiriwang ng walong katutubong pangkat ng Bukidnon (Matigsalug, Umayamnon, Ilianon, Pulangihon, Talaandig, Tigwa Manobo, Western Bukidnon Manobo) at ang mga Higaunon sa Agusan del Sur, Misamis Oriental at Lanao del Norte. May tinatawag ring *pangampo* (pangkalahatang pagsamba), *panumanod* (seremonya para sa pagdakila sa mga espiritu), at *panlisig* (pagtataboy ng mga masamang espiritu)

Ang dahilan, marahil, kung bakit may katulad na ritwal ang mga katutubong Bikolano sa mga taga-Mindanao ay maibabatay natin sa sinasabi ng ating kasaysayan. Ayon sa mga librong pangkasaysayan, ang mga katutubong naninirahan sa ating bansa ay nanggaling sa Sumatra na tinirahan ng mga Malay ng South Asia sa pagitan

ng 2,000 at 1,000 taon bago pa man ang panahon ng Kristyanismo. Mula sa Sumatra;y nandayuhan sila sa Indonesia. Nagtataglay ang mga ninuno nating Malay ng impluwensya naman ng mga Indian, makikita ito sa kanilang institusyong politikal at panlipunan, gawi at paniniwalang panrelihiyon, batas, wika at panitikan at paraan ng pagsulat. Bukod sa impluwensya ng mga Indian, ang ating pangangalakal, wika at relihiyon ay may taglay ring impluwensya ng kultura ng mga Intsik at Arabo. Sa pagdating ikatlong pandarayuhan ng mga Malay, nakilala ang Mahomedanismo sa bahaging timog ng bansa at mabilis itong kumalat sa buong Mindanao at sa iba parte ng bansa kabilang ang Maynila. Dahil na rin sa maimpluwensyang Shri-Visayan Empire (400 – 800 AD) at Madjapahit Empire (1200 0 1400 AD).

Nakatulong ang pananakop ng mga Kastila sa pagpigil nang mabilis na paglaganap ng Islam o Mohammedanismo sa buong Visayas at Luzon. Ayon kay Dr. Antonio de Morga, ang ikasampung kastilang gobernador-heneral (1595 to 1596), "kung natagalan pa ang mga kastila sa kanilang ginawang pananakop, lalong lalaganap ang Islam sa buong kapuluan at mahihirapan ang mga Prayleng burahin sa kultura ng mga katutubo ang kanilang relihiyon. Sa pamamagitan ng ating Panginoon. ayon pa rin sa kanya, naging madali ang pagbabago ng relihiyon ng mga katutubo. Maaring tama siya sa kanyang palagay subalit alam nating hindi sila lubos na nagtagumapay, nanatiling Islam ang relehiyon ng mga kapatid natin sa Mindanao.

Nang dumating ang mga Prayle sa Pilipinas napag-alaman nilang kasa-kasama ng mga dayuhang tagapulo ang kanilang mga tagadasal na, noong unang panahon, ay pulos mga babae. Ang tawag sa kanila ng mga Tagalog ay *Catalonan,* kausap ng mga kaluluwa, sa Bicol ay baliana; sa Pangasinan ay managanito, at Babaylan naman sa Visaya. Pinaniniwalaang taon-taon, o maaaring ilang ulit sa bawat taon, binabagtas ng mga *Catalonan* ang paligid ng baranggay habang humihiyaw ng "turumba," kasunod ang lahat ng mga taga-baranggay, na sumasayaw at umaawit din. Ipinalalagay na lumikas ang mga taga-Pakil upang makatakas sa lumalawak na Islam na nakarating na sa Manila bago pa dumating ang mga Español, sapagkat ang mga babaing pari ng mga tagapulo ang nagpasimuno ng pagtakas o pag-aklas laban sa unos ng bagong pananalangin. Ngunit sa pagdating ng mga Español, wala na silang matakasan dahil sinakop ng mga dayuhan ang buong Luzon. At wala silang sapat na lakas upang gapiin ang mga bagong salta. Kaya sa pagdating ng mga Español at pagtatag ng katoliko sa Pakil, nag-iba ang turumba. Lalo itong lumago.

Sa kasamaang-palad, hindi nanatili ang mga baliana at asog ng Bicol. Nagapi sila mga mananakop, lalo na ang mga misyonaryong kastila. Sa takot ng mga kastila na manaig ang kapangyarihan ng mga baliana sa pagpapanatili ng katutubong relihiyon, sinira nila ang imahe nito, mula sa pagiging tagapamagitan ng tao at Panginoon, nilason nila ang isipan ng mga katutubo. Tinagurian ng mga kastilang misyonaryong na *bruha* (aswang) ang mga baliana. Siniraan sila ng kanilang mga katribung lalaki, sila ang kabataang lalaking tinuruan ng mga Prayle. Himuli rin ng mga Prayle ang mga namuno sa pag-aaklas laban sa kanila, hinati ang katawan at ipinakain sa buwaya. Sinunog ang mga istatwa ng kanilang mga anito. Subalit may mga baliana namang naging katutubong cantoras (Chanters) sa pananakop ng mga kastila. Sa pamamagitan ng pagdarasal, pinagsasama nila ang pagsasalaysay ng ating kasaysayan at pag-awit ng buhay ng Poong Hesukristo. Masasalamin pa rin ang kanilang katutubong papel bilang tagapamuno ng ating gawaing panrelihiyong bagamat malinaw na inilalarawan ang pagiging alipin nila sa mga Prayle.

Nang dumating ang mga kastila, naidlip ang ating katutubong kultura at literatura habang unti-unting nagigising ang isip at puso ng mga Filipino sa kaisipan at kulturang kanluranin higit ang Kristiyanismo. Napakalakas ng impluwensya ng kanilang relihiyon sa ating panitikan. Naging paksa ng mga akda sa panahon ng mga kastila ay ang relihiyon kaya't tinawag nating itong panahon ng "religious literature" (Maramba, 2006). Sa Bicol, mahahati ang mga dulang kaugnay sa paniniwalang katoliko ayon sa liturgical calendar. Tuwing Disyembre ay ginaganap ang *panharong-harong o kagharong* (ang panunuluyan sa mga bahay-bahay), isinadula ng mga Bicolano ang paghahanap nina San Jose at Santa Maria ng matutuluyan. Sa saliw ng gitara inaawit nila ang verses of supplication sa harap ng bawat bahay na

kanilang pinupuntahan hanggang sa sila'y patuluyin.

Marami ring ginaganap na pagdiriwang sa buwan ng Mayo bilang parangal naman kay Hesukristo – tulad ng Sto. Cristo- gayon din kay Birhen Maria – ang despuerta, aurora, at flores de Mayo. Bagamat ginaganap sa buong bansa ang santakrusan, pagsasadula ng pagkakatuklas ng Banal na Krus ni Reyna Elena, masaya st makulay itong ginanap sa lahat ng lalawigan sa Bicol. Prosisyon ito ng mga reyna at konsorteng nagrerepresinta sa mga tauhang biblical. Maikling bersyon naman ng santacrusang Bicol ang *panjardin* at *kinorubong*. Nagdiriwang din ang mga Bicolano ng *dotoc* at *lagaylay.* Inaawit ng cantora ang nobena sa Banal na Krus.

Sa dami ng mga bagong pagdiriwang na ipinakilala ng mga kastila, hindi pa rin nasupil ang mga katutubong Bicolano sa pagtataguyod ng kanilang mga nakaugalian. Kung anuman ang ginamit na paraan ng pagsupil sa kanilang mga gawi ay hindi ito naging matagumpay bagkus nagbunga pa ito ng higit na maraming kaugalian. Upang mahikayat ng mga kastila ang mga Bicolano na yakapin ang kristiyanismo, isinalin sa Bicol ng mga misyonaryo ang ritwal ng Siete Palabras at ginanap sa Bicol ang Aleluya, Osana, Pagsabat o Pagtonton (Salubong), at prosesyon sa Semana Santa.

Nang matuto ng salitang kastila ang mga katutubo nagkaroon na sila kamalayan sa maraming bagay. Nakapagsimula na silang magsulat ng mga kwento o anumang bagay na may kaugnayan sa relihiyon. Batay sa mga kwentong panrelihiyon at pagkamalikhain ng mga Bicolano nakabuo sila ng mga bagong tradisyon tulad ng: panharong-harong or kagharong, dotok, tapat, lagaylay, aurora, santakrusan, panjardin or kinorubong at soledad o perdon, isang sakripisyal na prosesyon sa paghingi ng awa. Pagkat nakasulat sa bernakular, naging malapit ito sa kanilang mga puso (Realubit, 1983).

## 2. METODOLOHIYA

Naging gabay sa pag-aaral na ito ang teoryang may kaunayan sa Sikolohiyang Pilipino. Sa pagsusuri ng mga dalit at datos na naglalarawan sa kamalayan at diwang Bikolnon, pinagbatayan ng mananalisik ang ideya tungkol sa *kamalayan* na tumutukoy sa damdami't kaalamang nararanasan; sa *ulirat* na tumutukoy sa pakiramdam sa paligid; sa *isip* na tumutukoy sa kaalaman at pagkaunawa; sa *diwa* na tumutukoy ugali, kilos, o asal; sa *kalooban* na tumutukoy rin sa damdamin; at sa *kaluluwa* na siyang daan upang mapag-aralan din ang tungkol sa budhi ng tao (Enriquez, 2007)

Ang pag-aaral na ito ay isang pagtatangka sa Cultural anthropology sapagkat nakatuon ang pananaliksik sa pag-aaral ng kultura, pag-uugali at pagpapahalagang Bicolnon. Kinilala ang mga simbolong naglalalarawan ng pag-uugali, (ayon sa pang-araw-araw na gawain, pamumuhay, relihiyon at lipunang Bicolnon), ng pagpapahalaga (pagsunod ng lipunan, tamang gawi at paniniwala,) at integridad sa pamumuhay ng mga Bicolano (Zamora, 1986). Pagtatangka rin ito sa etnolohiya (Pangkalinangang Antropolohiya). Sinikap ng mananaliksik na makagawa ng payak na pag-aaral tungkol sa lokal na kultura ng mga Talisayon gamit ang mga dalit, Aurorahan at Pintakasi bilang lente sa pagsusuri. Ayon kay Ember, Ember at Peregrine (2002), ang etnolohiya ay anumang bahagi ng antropolohiya na may kinalaman sa pagbuo ng ulat at pag-unawa sa kultura/kalinangan ng isang partikular na lipunan/grupo ng tao gamit ang ilang teorya sa pag-aanalisa sa mga datos. Inuunawa ng etnolohiya ang pagkilos ng tao sa isang konteksto, dulot o bunga ng nakikiugaling pagmamasid (participant observation) ng isang etnolohista/etnograpo.

Ginamit naman ang participant observation bilang metodo sa pagkuha ng mga datos pagkat kakaunti pa lamang ang nasusulat dokumento ukol sa piniling paksa ng lokal na pag-aaral. At ang isa pang dahilan, hindi pa gaanong nasusulat ang kultura at kasaysayan ng bayan ng Talisay. Bukod pa rito, layunin ng pananaliksik na masuri ang kahalagahan at kabuluhan ng mga dalit, Aurorahan at pintakasi mismo kaya't lubos akong naniniwala na angkop ang nasabing metodo pagkat sa pag-aaral na ito makabubuting magmula ang pananaw sa isang lokal. Ninarapat din ng mananaliksik na gamitin ang nabanggit na paraan sapagkat hangad ng pag-aaral na makalikom ng mga datos tungkol sa kontemporaryong kondisyon ng mga Talisayon at bayan ng Talisay na makatutulong sa pag-unawa ng kasalukuyang kulturang pinag-aaralan at masuri kung paano ito

lumitaw. Layon din na mapagtuunan ng pansin ang kultura at kasaysayan sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga pananda, simbolo at talinhagang napapaloob sa mga dalit, Aurorahan, at pintakasi ng mga Talisayon. Sa pamamagitan ang teoryang Hermenuetics, sinuri ang mga salitang ginamit sa dalit bilang representasyon ng etnisidad at/o identidad ng mga Talisayon at aalamin sa Aurorahan ang mga pagpapahalagang sosyo-kultural ng mga nakatatandang Bicolano na may kaugnayan sa buhay ng kasalukuyang Talisayon. Batay sa teoryang ito ni Jacques Derrida ang pagbibigay-kahulugan sa mga salita at mga pananda/pahiwatig ay hindi batay sa kaugnayan ng mga salita sa bawat salita at istruktura, hindi sa teksto kundi sa konteksto nito at iba pang kaugnay na sitwasyon.

## 3. RESULTA AT TALAKAYAN

Anitismo ang tradisyong pinag-ugatan ng Kristyanismo sa Pilipinas. Bago dumating ang mga Kastila ang mga katutubo ay may paniniwala sa anito. Ang mga anito ay nakatira sa kalikasan: bundok, burol, kagubatan, kaparangan, mga punong kahoy, mga batong buhay, dagat, ilog, bukal, pati na rin pamayanan at kabuhayan. Ang mga anito ang nag-aalaga ng kalikasan, (Covar, 1988). Sinasabi ni Robert R. Marett, isang British anthropologist, na bagamat sila'y katutubo at ipinalalagay na kulang sa kaalaman tiyak pa rin na may malalim silang dahilan sa pagkakaroon ng relihiyon (maaaring emosyonal o mental). Pinabubulaanan niyang naniniwala ang mga katutubo sa teoryang ang lahat ng bagay ay may buhay. Naniniwala si Marett na noon pa man, may posibilidad na malay na ang mga katutubo sa kaisipang may mga bagay na walang buhay at nagtataglay ang mga ito ng kakaibang katangian at kasinghiwaga ng mga bagay na may buhay. Naniniwala rin ang anthropologist na hindi pa kayang isipin ng mga katutubong nagkakaroon ng buhay ang mga bagay sapagkat sumasanib dito ang ispiritu. Oo nga't kinikilala nila ang mga bagay na walang buhay bilang buhay, may damdamin, at may sariling kaisipan subalit hindi naman sila nagbigay ng paliwanag na ang kaluluwa o ispritu ang sumasanib upang mabigyang buhay ang mga bagay. Tinawag ni Marett na animatism o preanimism ang ganitong uri ng pananaw at ipinalalagay niyang dito nagmula ang animism. Kaugnay ng animism ang pagsamba sa ninuno at iba pang paraan ng pagsamba sa kalikasan.

Batay naman sa mga antolohiyang panliteratura, malalaman nating kaugnay ng pagsamba sa mga ninuno, anito o anumang anyo ng kalikasan ay nagsasagawa sila ng mga ritwal. Sa matandang ritwal ng mga katutubong Filipino ay may mga awiting panrelihiyong inaawit ang mga lider-ispiritwal (pari). Tinatawag itong *dalit* (hymns) na kung inaawit ay sinasaliwan ng sayaw at tugtog ng agong at kumpiyang. Kabilang dito ang mga dalit na mula sa Kabisayaan: ang mga "baylan" o ang mga paring babae (priestesses), at ang Panawagang-Panalangin (Invocation). Laganap din ang mga awiting bayan sa buong Pilipinas. Ang awiting bayan ay tulang inaawit upang magpahayag ng damdamin, kaugalian, karanasan, pananampalataya, gawain o hanapbuhay ng mga taong naninirahan sa isang pook. Marami ang uri ng mga awiting bayan: may mga awit na tungkol sa pagdakila sa kanilang Bathala, awit sa pagsisisi sa kasalanan, pag-awit upang sumagana ang ani, pag-awit sa pakikipagdigma, pag-awit sa tagumpay, pagpapatulog ng bata, sa kasal, pagpuri sa kanilang mga ninuno. Kabilang dito ang oyayi, suliranin, kumintang, diona, kundiman at dalit.

Dalit ay isang katutubong anyo ng tula na binubuo ng walong pantig kada taludtod, apat na taludtod kada saknong at may isahang tugmaan. Ito ay *tulang awit* na kung saan nagpupuri sa Diyos o sa birhen. Mahirap nang matunton ang pinagmulan ng dalit dahil sa kakulangan ng mga tala tungkol sa katutubong panitikan gaya ng sinabi nina Chirino at San Agustin. Isa na rito ang nilikhang problema para sa mga nagbabasa ng akdang papantig pagkat sinasabi ni Chirino na ito ang tanging paraan ng pagsulat ng lahat ng akda ng mga katutubo. Mahirap namang mapatunayang ito nga ang tanging paraan ng pagsulat ng lahat ng pasulat na literatura nang panahong iyon subalit maaaring masabing ginagamit ang papantig na paraan sa pagsulat ng mga akdang patula at pagtatala ng mga pasalitang tradisyon at literatura. Tulad na lang ng Visayan catechumes ng dalawang misyonaryong Jesuit sa Ormoc na nakatulong nang malaki sa pag-unawa ng kalikasan ng papantig. Lumalabas na ginamit ito sa pagtatala ng mga pasalitang literatura (pareho ng paggamit ng mga Tagalog). Ang catechumes ay

tala/kopya ng mga aral na natutunan sa araw-araw ng mga katutubo na kailangang memoryahin at usalin kinabukasan (Lumbera, 1968).

Sa kasalukuyan, nagsasagawa pa rin ang mga Bicolano ng Atang, ang pag-aalay kay *Kagurangnan* (Poong Maykapal) at sa mga kinikilala nilang mga santo at santa sa pamamagitan ng mga makukulay na kapistahan. Nagnonobena, naghahanda, at nagtitira ng pagkaing inilalagay sa altar o sa harap ng imahe ng santo/santa. Gawi rin nila ang pagkilala sa kanilang mga ninuno, kinikilala, pinapahalagahan at iniingatan ang kanilang alaala. Kung tutuusin ang mga ritwal ng mga katutubo ay katulad din ng mga nobenang ginagawa sa kasalukuyan sapagkat may mga araw rin silang binibilang sa pagdaraos ng kanilang pagdiriwang na may kaugnayan sa kanilang pagpapasalamat sa masaganang ani, o sa paghingi ng ulan, o pagpapaalis sa sakit na nanalasa sa kanilang tribu, sakit ng pamilya, o paglilibing.

Malalim ang ugat ng pagiging relihiyoso ng mga Bicolano, nagmula pa ito sa kanilang mga ninuno, kung kaya't may mga pagkakataong ipinahahayag nila ang kanilang pagiging Kristiyano sa sinaunang paraan at uri. Ang ilan naman sa kanilang sinaunang paniniwala ay nagmumukhang paniniwalang Kristiyano. Namamayani ang relihiyon sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay tulad ng mga agrikultural na ritwal na tamoy, talagbanhi, at rogotiva. Makikita sa mga nabanggit na ritwal ang impluwensya ng katutubo at kastilang paniniwala. Ipinagdiriwang din sa lungsod ng Iriga ang tinagba, pagpapasalamat sa masaganang ani, kasabay ng pista ng Corpus Christi. Pinararangalan ng buong bayan ang kanilang mga patron tuwing pintakasi. Ginaganap tuwing ika-11 ng Mayo ang tumatarok, pag-aalay ng panalangin at pag-aatang awit at sayaw bilang pagpapahayag ng kanilang pamamanata sa kanilang mga patron na sina San Felipe at San Santiago sa Minalabac, Camarines Sur. Ang pinakatanyag at kakaibang manipestasyon ng paniniwalang Bicolnon ay ang devosyon kay Nuestra Senora de Penafrancia, Patron ng Bicol. Tinatawag siyang "Ina" (Ina) ng lahat ng Bicolano. Ginaganap ang Kanyang kapistahan ikatlong Linggo ng Setyembre sa pamamagitan ng prosesyon ng "traslacion" (paglilipat) at malaking fluvial parade.

Ayon kay Dr. Covar ang ispiritwalidad at materyal ang ginagalawang daigdig ng mga Pilipino. Dalawang bahagi ang material mundong ginagalawan ng mga Pilipino: kalikasan at kultural. Pisikal at bayolohikal ang dalawang aspeto ng kalikasan. Sining at panlipunang kalinangan ang dalawang aspeto ng kultural. Sa kabuuan ang relasyon ng ispiritwal at material na daigdig ng mga Pilipino ay may tatlong antas: kalangitan, kalagitnaan, at kailaliman. Ang kalagitnaan ay ang impirikal na pang-araw-araw na pamumuhay. Ang pang-araw-araw na pamumuhay ay sapot at ballot ng ispiritwalidad (Covar, 1988). Masasabi kong higit pa sa pagiging relihiyoso ng mga Bicolano dahilan kung bakit hanggang sa ngayon ay buhay pa ang iba't ibang ritwal, pintakasi, dalit, panuga (pamamanata) at iba pang gawaing kultural.

Ang paraan ng pagsasagawa ng Aurohan ng San Isidro, Talisay ay pareho sa pagdaraos ng dotoc ng lunsod ng Iriga. Nagsisimula ito sa pagpapaplano. Nagpapatawag ng pulong ang *Cabo Mayor* (pangunahing may kabig) upang pag-usapan ang mga gagawin sa dotoc o pintakasi. Bukas sila sa lahat ng mungkahi subalit may kalayaan pa rin ang mga may kabanggihan (sponsor ng bawat gabi ng pasiyam). Nakatalaga sa Cabo Mayor ang paghahanda sa pista (huling gabi pagkatapos ng tatlong pasiyam) samantalang ang mga kabanggihan ay nakatalaga sa handa sa bawat gabi ng pasiyam. Madali lang ang ginagawang pagpupulong pagkat simpleng pagrepaso lamang ito ng mga gagawin batay sa nakaraang taon. Maliban na lang kung hindi magagampanan ng sinumang may *panuga,* pinagkakasunduan nila kung kaninong pamilya ipaaako ang kabanggihan. Ipinapaalam ito nang maaga upang mapaghandaan ng aako sa panuga. Sa pamilya ng cabo, palit-palit silang mag-anak sa pag-aako ng paghahanda sa Aurorahan. Nag-aambag din ang bawat may kabanggihan sa gatos ng cabo para sa pista. Pinaplano rin nila ang mga gawaing lalong magpapasaya sa pintakasi. Bukod sa kainan at sayawan nagpapaplano rin rin ng iba't ibang palaro.

Ginaganap sa buong buwan ng Agosto ang Aurorahan. Nagsisimula ang unang pasiyam sa Agosto 1-9; 11-19 naman ang ikalawang pasiyam at 21-29 ang huling pasiyam. Sa ganap na ikaanim ng magsisimula ang nobena sa kanilang mga patron,

kabilang ang pang-araw-, pagrorosaryo, at mga dalit. Sinusundo ang mga imahen nina San Isidro Labrador at San Roque mula sa kapilya at ihahatid sa bahay ng may *kabanggihan*. Ililibot ang mga imahen sa buong komunidad habang dinadasal nang paawit ang mga dalit, pinangungunahan ito ng mga cantora at sasagot naman ang mga nakikipag-Aurora. Nagdadala ng sulo ang mga makikipag- aurora, samatalang ang tatlo sa kanila'y may dala ng parol na hugis krus na may malaking kandila sa loob. Magtatapos ang gabi-gabing Aurorahan sa isang hapunan o miryenda.

Isa mga dalit sa Aurohan ng Talisayon ay ang dalit kay San Roque, isa sa kanilang patron. Ito'y isang papuri sa kanilang patron at pakikibahagi ng pagdiriwang ng kanyang pista tuwing ika-16 ng Agosto. Nagsasagawa sila ng pintakasi kay San Roque upang humiling ng kaligtasan sa sakit ang mga magsasakang namamanata at iadya sa peste ang kanilang palay at iba pang pananim. Patron din siya ng mga kapansanan, may problema sa tuhod, at nagpapahalaga sa mga alagang aso. Kinikilala natin si San Roque dahil sa kanyang kadakilaan. Sinasabi na ipinanganak siya na may balat sa dibdib na hugis krus na tanda ng ating Panginoon. Dalawampung taong gulang si San Roque nang mamatay ang kanyang magulang subalit sa halip na humalili sa pwesto ng kanyang ama, nagtungo siya sa Roma at iniwan ang kanyang kayamanan. Sa kanyang paglalakbay, dumaan siya sa komunidad na tinamaan ng epidemya, sa halip na umiwas, ginamot niya ang mga maysakit. Nahawa siya kaya't minabuti niyang magtago sa kabundukan at doon hintayin ang kanyang kamatayan. Habang nakaratay, inalagaan siya ng isang aso, nagnanakaw daw ito ng tinapay upang ipakain sa kanya. Gumaling hanggang makabalik siya sa Montpellier. Subalit napagbintangan siyang isang ispiya, hinuli at ikinulong hanggang mamatay sa loob ng piitan.

**Dalit kay San Roque**
**Ampunin mo kami'y kupkop**
**Roqueng kapalara'y puspos.**

Ang salot sa iyong harap,
Napapawing agad-agad

Gamit ang teoryang hermeneutics sa pagsusuri ng dalit, maipalalalagay na matibay ang pananalig ng mga Talisayon sa kanilang mga patrón. Ipinahahayag ito sa pamamagitan ng mga salitang *ampunin, kupkop, tangkilik, di ka nagkait, sa 'bang sa iyo'y lumapit, Bata't matanda ang may damdam na sakit*. Lubos silang nagtitiwala sa awa, tulong at pagdamay sa kanila ng kanilang patron na makikita sa salitang *ihibik.* Sandigan at tanggulan nila sa lahat ng pagsubok, sakit at sakuna na dumarating sa kanilang buhay. Dito sila nananalangin para kanilang kaligtasan sa pagkalat ng anumang epidemya, karamdaman, sakuna at peste. Alam nilang kaylan man hindi sila pagdadamutan ng awa at tulong ng kanilang patrón. Lubos nilang kinikilala ang kapangyarihan ng kanilang patron laban sa *salot, kakilakilabot,* labis ang kanilang tiwala na ganap na *mapawi,* magaganap ang *kababalaghan* at *himala* sa *paglipol* sa mga *salot* at *sakit* sa kanilang komunidad sa pamamagitan ng kanilang *pagtuga* o pamamanata.

Tanda ng paghingi ng tawad, awa, pati na ng biyaya, tanda rin ito ng pasasalamat. Labis silang nagpapasalamat sa mga biyayang ipinagkaloob sa kanila; sa masaganang ani; magandang panahon at mabuting kalusugan. Ipinahihiwatig ito sa mga pariralang *ani sa bukid, pinakayaman ng langit.* Pagkat alam nilang isang mahirap at magsasaka ang kanilang patrón, hindi sila nagdadalawang-isip na humiling ng tulong at damay pagkat iniisip nilang dadamayan at hindi sila dadamutan o bibiguin ng kanilang patrón. Naniniwala ang mga Bicolano sa kahinaan ng tao laban sa mga tukso at sugo ng masasamang espiritu. Kaya't humihingi sila ng sapat na tatag, lakas at gabay kay *Kagurangnan* upang mapagtagumpayan ang anumang pagsubok at madaig ang mga tukso. Lubos silang naniniwala na hindi magkakamit ng *Kamurawayan* (kaluwalhatian) ang sinumang nagkasala. Patunay ang koro at saknong sa dalit kina San Roque at San Isidro Labrador:

Himalang ito'y natatap
Sampong bagsik mo pang lahat.

Paglipol doon ng salot
Libhang kakilikilabot.

**Dalit kay San Isidro**
Kaya't ang ani mo sa bukid
pinakayaman ng Langit.
***Isidro'y iyong ihibik***
***kaming ampon mo't tangkilik***

Magsasakang dukha ka man,
tinunton mo'y kabanalan,
at hindi mo sininsayan
hanggang sa ikaw ay mamatay.

Sapagka't di ka nagkait
sa bang sa iyo'y lumapit.

Bata't matanda ang may damdam
na sakit , kung nasasakdal
sa iyo'y nasusundan
ang madlang kababalaghan
Hindi mo pinaalis
hanggang di maligtas sa sakit.
***Isidro'y iyong ihibik***
***kaming ampon mo't tangkilik***

Isang pamayanang kultural o isang "cultural minority" ang Bicol na nagtataglay ng sariling kultura, gawi, kaisipan at karanasan na magsisilbing identidad ng buong komununidad kabilang dito ang mga Talisayon sa Camarines Norte. Katulad ng mga *kabimanwa,* o kababayan nagtataglay ang Talisayon ng parehong etnisidad at identidad sa kapwa Bicolano. Dahil sa pagkakatulad nagkakaisa sila sa diwa at layunin. Ayon sa pag-aaral nina Dr. Rodolfo A. Bulatao, Jaime T. Malangyaon at Fernando Mallari ang mga Daeteño at Bicolano ay: (a) masayahin at palakaibigan, (b) mahinahon at magagaling, (c) mapagpakumbaba, (d) matalino at bukas ang isipan sa pagbabago. Sa aklat na *BIKOLS of the Philippines* ni Ma. Lilia Realubit, sinasabi ng mga kastila at tagapagtala ng ating kasaysayan (chroniclers) na sina Fr. Marcelo de Ribadeneira, Fr. Francisco Collin at Fr. Jose Castaño, nagtataglay ang mga Bicolano ng mga sumusunod na katangian: (a) labis ang tiwala sa sarili subalit hindi naman mayabang, (b) masunurin ngunit hindi sunud-sunuran, (c) mababa ang loob subalit agresibo at matapang*, (d) matalino, aktibo at buhay na buhay, (e) mahinahon at mahusay makisama*, (f) matapat at nais ng privacy, (g) masigasig, (h) maingat at hindi basta-basta nagtitiwala, (i) mahilig sa kasayahan, (j) masipag, (k) bihasang mamuhay na kasama ang mga kaanak sa isang matatag na pamayanan.

Ang kulturang Bikolano, at ang kolektibong kaluluwang Bikolano na nag-anak sa kulturang ito, ay may mga katangiang may lasa at kasidhiang Bikolano, na nagbibigay naman dito ng kakaibang sikolohiya. Mula sa pagmamasid ni O'Brien sa di-karaniwang kilos ng mga kabataang Bikolano sa Maynila, nahinuha niyang ang Kabikulan, maliban sa pagiging *Kahirian ng Kabaitan,* ay maari ring tawaging *Lupaing ng Matagalang Pakikipagkaibigan, Rehiyon ng Kaligayahan, Kubling Daigdig ng Pinakasidhing Pagkamapagdamdam,* at *Tahanan ng mga Pinakamabuting Samaritano*. Dahil sa mga pananaliksik at pag-aaral, nagiging mulat ang mga Bicolana sa kanilang kamalayang etniko na gigising sa pagpapahalaga sa kanilang nakaraan, sa mga katutubo at nakagisnang ugali at iba pang sangkap ng kalinangan.

May dalawang paraan kung bakit nanatili ang uniquenss ng katutubong kultura sa panahon ng kolonisasyon. Una, sa pamamagitan ng paglaban sa pananakop ng mga banyaga ay napanatili nila ang integridad ng ethnic heritage, katulad ng ginawa ng mga Maranao, Maguindanaon at ang mga Tausug ng Mindanao at mga Igorot, mga Ifugao, mga Bontoc at mga Kalinga ng Mountain Province. Ikalawa, dahil sa virtue ng isolation sa colonial power tulad ng mga Tagbanwa, Tagabili, mga Mangyan, mga Bagobo, Manobo, B'laan at iba pa. Hindi sila napailalim sa cultural sway ng western colonizers (Lumbera, 1982)

Marahil, ang unang paraan ang ginawa ng mga Bicolano kaya't nanatili at lubos na katangi-tangi ang mga sinaunang tradisyon, paniniwala, gawing Bicolnon ng bagong henerasyon. Ayon sa aklat na *BIKOLS Literary History*, karamihan sa mga paniniwala, gawi at kaugalian ng sinaunang Bicolano na may kaugnayan sa pagsasaka, pamumuhay, anting-anting at hula ay nanatili hanggang sa kasalukuyan. Naniniwala pa rin ang mga Bicolano (kahit na ang may pinag-aralan) sa: (a) kapangyarihang nanggagaling sa sinaunang *witchcraft* tulad ng *lumay* o gayuma; *hinaw*, galing sa pagkilala sa mga magnanakaw; at iba pang anting-anting, (b) husay sa panggagamot ng *para-*

*bulong o arbulario,* (c) kasabihang ang mga panggabing ibong koro-koro at kikik ay nagbabadya ng kamalasan, (d) kasabihang kapag nanaginip na nabunutan ng ngipin ay may mamamatay na kamag-anak; kailangang nagtapon ng lupa sa hukay ang mga kamag-anak na nakipaglibing upang huwag silang multuhin ng namatay; magdudulot ng kamalasan sa buhay kapag ginamit ang mga natirang materyales sa paggawa ng kabaong o di kaya'y pag-uwi ng anumang bagay mula sa pakikipaglamay at pakikipaglibing (ilan ito sa mga paniniwala sa Vinzons, Camarines Norte). (e) paniniwala sa antas ng kapangyarihan ng kinikilala nilang mga diyos, naniniwala silang si *Gugurang* ang pinakamakapangyarihan sa lahat ng mga anito. (f) *Sagurang*, ritwal ng pagpapasalamat sa masaganang ani, (g) *tamoy, talagbanhi*, at *rogotiva* - mga banal na pagdiriwang para sa pagtatanim, (h) *Pintakasi, pagdolot, pagarang,* at *simbag* - pagdiriwang sa panahon ng anihan.

Mula sa pananaw ng mga kastila, chroniclers at scholar, makikita nating nagtataglay ng iba't ibang katangian ang mga Bikolano. Napanday ang kanilang katangian at kasanayan dahil sa araw-araw na pakikibaka sa kapaligiran: sa dahas na dulot ng mga kalamidad at pagsabog ng bulkan, kahirapan, at pananakop ng mga dayuhan. Nanatili silang masayahin at kontento sa kanilang pamumuhay at nagtitiwala sa biyayang kaloob ng kalikasan, sa kanilang pagkamalikhain, pagkamapamaraan at kahusayan sa pakikibagay sa kasalukuyang sitwasyon. Kung pagbabatayan natin ang konseptong *ang tao, bilang homo sapiens, ay may kaisipan, kultura, at lipunan. Ang kaisipan, kultura, at lipunan ay siyang ugat na basihan ng homonisasyon o ang pagkatao. Ang pagka-Pilipino ay bunga ng Pilipinong karanasan* (Covar, 2007). Hinubog nga ng mga Bicolano ang sarili nilang etnisidad at identidad batay sa kanilang kultura, pamumuhay, karanasan at kasaysayan.

4. PAGLALAGOM

Makakatulong ang resulta ng pananaliksik na ito sa produksyon ng payak na kaalaman tungkol sa kulturang Bicolnon simula pa noong dumating ang mga dayuhan sa ating lupain na nagsilbing midyum sa paghubog ng wastong saloobin at pagbuo ng bagong kamalayan at pagpapahalaga. Sa pamamagitan ng binanggat na katangian ng mga Bicolano nakakalikha tayo ng pangkalahatang larawan at imahe na makapagbibigay-depinisyon sa pagkataong Bicolnon at na makatulong sa pagtutuwid ng mga maling kaalaman at karunungang nababasa at itinatanim sa ating isipan mula sa mga banyagang oryentasyon o makakanlurang kaisipan. Ipinakikita sa pag-aaral na ito kung gaano kalaki at kasalimuot pa rin ang pakikibaka o pakikipagtunggali ng bawat Bicolano sa mga tatak na inilatag sa iba't ibang larangan.

Tiyak na masisiyahan ang Bikolano na malamang tunay siyang tagapagmana ng kanyang mga ninuno – sila'y "mahilig ding umawit, at tumula tungkol sa kagitingan ng kanilang lahi at tungkol sa kagandahan ng kanilang lupain." Matutuwang malaman ng Bikolano ngayon na napakayaman ng kulturang mana niya mula sa kanyang ninuno – ang *soraki,* isang nakararahuyong awitin, ang tinagba, isang pag-aalay ng mga sinaunang Bikol tuwing tag-ani… mahalaga ito bilang katunayan ng ating dakilang kultura't pamumuhay bago pa man isinulat ang kasaysayan (Reyes, 1980).

6. MGA SANGGUNIAN:

Almario, Virgilio S. Isang Sariling Panahon, A Time of One's Own: Mga Tanaga, Diyona, Dalit, at Tatlong Talingdaw. National Commission for Culture and the Arts, 2008.

Covar, Prospero R. Tatlong Sanaysay, Writings accompanying the exhibition PANSARILING LIKHA (Art in Private Spaces), Bulwagang Juan Luna, Contemporary Art Museum of the Philippines, Cultural Center of the Philippines, 1988.

De Luna, Sammy, et al., "The Pride of Bicol: A Reminiscence", 1991.

Gerona, Danilo, <u>From Epic to History Quoting San Agustin, Gaspar</u>, OSA, "Conquistas de las Islas Filipinas (Mejico 1609), p 721

Lumbera, Bienvenido L. Tagalog Poetry During the Seventeenth Century, De La Salle University. Manila, 1968.

__________. Tagalog Poetry 1570-1898: Tradition and Influences in its Development, ADMU Press: Quezon City. 2nd printing 2001.

__________ . Philippine Literature: A History &

Anthology. National Bookstore, Inc: Quezon City, 1982

Mallari, Fernando, Ibalon under Storm and Siege, 1991, pp 4, 179, 158, 156

_____, Oral Histories of Teacher and Residents", 1991, pp 155, 172

Malanyaon, Jaime T, "Philippines: A History of the Bicol Region", AMS Press Naga City, 1991, pp 124-125; pp 111-113

Manuel, Arsenio E. *Ang Etnisidad at ang Pagmulat ng Pilipino sa pagkabansa, U*lat ng Ikalawang Pambansang kumperensya sa SIKOLOHIYANG PILIPINO, Bulwagang Paulino J. Garcia, Pambansang Lupon sa Pagpapaunlad ng Agham, Kalye Pedro Gil, 1976

O'Brien, James *Sikolohiyang Bikolano,* Ulat ng Ikaanim na Pambansang Kumperensya sa SIKOLOHIYANG PILIPINO Kamalayang Etniko at Pananagutang Pambansa, Unibersidad ng Bikol, Lunsod ng Legazpi, 1980

Realubit, Maria Lilia F., Bikols of the Philippines, History, Literature and General List of Literary Works. A.M.S. Press: City of Naga, Philippines. 1983. pp 6.

_________, The Bicol Dramatic Tradition, University of the Philippines: Quezon City,1976

_________ , Bikol Literary History, De La Salle University. Manila, 1999.

Salazar, Zues A., *Kamalayang Etniko at Kapanagutang Pambansa,* Ulat ng Ikaanim na Pambansang Kumperensya sa SIKOLOHIYANG PILIPINO Kamalayang Etniko at Pananagutang Pambansa, Unibersidad ng Bikol, Lunsod ng Legazpi, 1980

Zamora, Mario D. and Saint Mary's College of Bayombong. Antrhopological Research, Perspectives and Fieldwork. Rex Printing Co., Inc. Quezon City. 1986.

Peace Studies Journal, Vol. 4, Issue 3, November 2011 Page 23

http://nlpdl.nlp.gov.ph:9000/rpc/cat/finders/CC01/NLP00VM052mcd/v1/v7.pdf

Primitive Culture: Researches Into the Development of Mythology, Philosophy, Religion, Art, and Custom, Volume 1

*Primitive Culture: Researches Into the Development of Mythology, Philosophy, Religion, Art, and Custom*, Edward Burnett TylorAuthorEdward Burnett TylorEdition2PublisherJ. Murray, 1871Original fromthe University of MichiganDigitized30 May 2006

Ramberg, Bjørn and Gjesdal, Kristin, "Hermeneutics", The Stanford Encyclopedia of Philosophy (Summer 2013 Edition), Edward N. Zalta (ed.), URL = <http://plato.stanford.edu/archives/sum2013/entries/hermeneutics/